# Pangkalahatang pagpapahintulot upang maglathala at magbunyag ng impormasyon

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga

Humihingi ako ng iyong pahintulot upang payagan ang paaralan/Kagawaran ng Edukasyon na maglathala at/o magbunyag ng impormasyon tungkol sa iyong anak para sa mga layunin ng pagbabahagi ng kanyang mga karanasan sa ibang mga mag-aaral, na nagpapabatid sa paaralan at sa mas malawak na komunidad ang tungkol sa mga aktibidad ng paaralan at mga mag-aaral at nagtatala ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga kapansin-pansing proyekto o serbisyo sa komunidad.

Maaaring kasama sa impormasyong ito ang pangalan, edad, klase ng iyong anak at impormasyong nakolekta sa paaralan katulad ng mga litrato, mga pagtatalang biswal at tunog ng iyong anak, ang mga gawa ng iyong anak at mga pagpapahayag ng opinyon tulad ng sa interactive media.

Ang mga komunikasyon kung saan maaaring malathala o mabunyag ang impormasyon ng iyong anak ay kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Mga pampublikong website ng Kagawaran ng Edukasyon pati na ang website ng paaralan, ang intranet ng Kagawaran ng Eduaksyon (para sa mga kawani lamang), mga blog at mga wiki
- Mga paglalathala ng Kagawaran ng Edukasyon kabilang ang newsletter ng paaralan, taunang magasin ng paaralan at ulat ng paaralan, materyal na pang-promosyon na inilathala at sa elektronikong paraan pati na ang mga website ng Kagawaran
- Mga opisyal na social media account ng Kagawaran at paaralan sa mga network na kagaya ng YouTube, Facebook at Twitter
- Mga lokal at pang-metropolitan na mga pahayagan at mga magasin at iba pang mga plataporma ng media.

Dapat na may kamalayan ang mga magulang na kung ang impormasyon ay inilathala sa mga pampubikong website at mga channel ng social media, maaari itong matuklasan sa online sa loob ng ilang taon, kung hindi panghabambuhay. Maaari ring i-cache o magpanatili ng mga kopya ng inilathalang impormasyon ang mga search engine. Ang mga nalathalang impormasyon ay maaari ring maiugnay ng mga pangatlong partido.

Pakikompleto ang porma ng pagpapahintulot (permission form) at ibalik sa paaralan bago sumapit ang nakalagay na petsa:

Date for return of permission form

**Tulong ng tagapagsalin (interpreter)**

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa paaralan.

Kung kinakailangan ng mga tulong ng interpreter upang makipag-ugnay sa paaralan, mangyaring tawagan ang 131 450, sabihin sa teleponista kung anong wika ang kailangan mo at hilingin sa kanila na tumawag sa paaralan. Ang teleponista ay kukuha ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.

Lubos na gumagalang

Pangalan ng punong-guro (Name of principal)

Pangalan ng paaralan (Name of school)

## Pahintulot ng magulang/tagapag-alaga na maglathala
## Parent/carer permission to publish consent

Nabasa ko ang pagpapahintulot na ito na maglathala at:

(Markahan ang isang kahon lamang sa ibaba at iwanan yung isa na blangko)

☐ Pinahihintulutan ko ang paaralan/Kagawaran ng Edukasyon na maglathala ng impormasyon tungkol sa aking anak na kagaya ng inilarawan sa itaas, pati na sa mga komunikasyon na nakikita ng publiko.
I give permission to the school/Department of Education to publish information about my child as described above, including in publicly accessible communications.

☐ Hindi ko pinahihintulutan ang paaralan/Kagawaran ng Edukasyon na maglathala ng impormasyon tungkol sa aking anak na kagaya ng inilarawan sa itaas, pati na sa mga komunikasyon na nakikita ng publiko.
I do not give permission to the school/Department of Education to publish information about my child as described above, including in publicly accessible communications.

Itong pinirmahang pagpapahintulot ay mananatiling epektibo hanggang payuhan ko ang paaralan na hindi na.

Pangalan ng bata (paki-printa) ______________________________
Name of child

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga (paki-printa) ______________________________
Name of parent/carer

Lagda ng magulang/tagapag-alaga ______________________________
Signature of parent/carer

Petsa ______________________________
Date